

Mensahe para sa mga Magulang

Mahal naming mga magulang,

Ang Department of Integrated Global Studies (IGS) ng Hiroshima University ay 4 na taong kursong pang-kolehiyo. Ang curriculum ng IGS ay halo ng humanities, social sciences, at natural sciences. Ang layunin namin ay magkaroon ng iba't ibang klaseng approach sa paglutas ng mga kasalukuyang problema ng mundo.

Ang mga estudyante galing sa iba't ibang parte ng mundo ay mag-aaral nang sama-sama anumang nasyonalidad, rehiyon, relihiyon, kultura, at lengwahe. Ang mga estudyante ay magkakaroon ng iba't ibang kakayahan, tulad ng intercultural communication competence, malawak na pag-iisip, at kakayahang pang-kooperasyon para sa kapayapaan ng mundo. Ang mga international students ay mag-aaral rin ng lengwaheng Hapones. Pagkatapos ng IGS, ang mga estudyante ay magiging handa para sa pag-trabaho sa Japan o sa abroad, o ipag-patuloy ang pag-aaral sa graduate school.

Ang kampus ng Hiroshima University ay puno ng kalikasan kung saan makakapag-enjoy ang mga estudyante at mararanasan rin nila ang lokal na pamumuhay ng mga Hapones. Maraming events at activities sa kampus katulad ng Yukata Festival (mag-susuot ang mga estudyante ng espesyal na kasuotang pang-summer.) Ang mga estudyante ay magkakaroon ng mas masayang college life sa pamamagitan ng pag-sali sa mga social activities.

May inooffer rin na full at partial scholarship para sa mga international students na naka-enroll sa IGS, para mag-silbi bilang tulong. Maaari ring mamuhay sa dormitoryo ng unibersidad ang lahat ng estudyante ng IGS sa unang dalawang taon ng kanilang pag-aaral.

Pagka-graduate, ang mga estudyante ay magkakaroon ng iba ibang career options, tulad sa tourism industry, mass media, non-governmental organization, consulting firm, think tank, engineer, designer, o kahit entrepreneur, at iba pa. Isa ring option ay ang pag-papatuloy ng pag-aaral sa graduate school sa Japan, o kaya sa abroad.

Sana ay magkaroon kayo ng interes sa kursong ito at hikayatin ang inyong mga anak na i-explore ang mundo sa labas ng Pilipinas sa pamamagitan ng IGS. Contact-in ninyo kami para sa mga katanungan.

Sincerely,

Carolin Funck

Head

IGS Department, School of Integrated Arts and Sciences, Hiroshima University, Japan